

Ang Usaping Panlupa At Ang Mga Gerilyang Huk¹

Rosalinde Fleur Zapata, tagasalin

Ang usapin tungkol sa lupa ay isang mahalagang bagay na natala sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa simula pa, ang suliranin sa lupa ay naging sanhi ng napakaraming pag-aalsa na nauwi sa pagdanak ng dugo.

Noong panahon ng pananakop ng Espanyol, ang sistemang enkomienda ay naging dahilan ng tunay na pagkaalipin ng mga Pilipino. Ang pamahalaang Amerikano ay nagbigay ng higit na biyaya at katiwasayan sa Pilipinas, subalit hindi ito nagdulot ng pagbabago sa kalagayan ng mga magsasaka. Ito ay kumatawan lamang sa sarili nilang kapakanan at bahagyang pagbuti sa kaayusan ng kalagayang panlipunan ng mga Pilipino. Sa ilalim ng Republika, ang mga magsasaka ay patuloy na pinagsasamantalahan: idiniin ng mga misyong nagsisiyasat ng kalagayan sa Pilipinas ang mala-alipin (pagka-pyudal) na kalagayan ng mga magsasaka.

Ayon sa ulat na inihanda ng Misyong Bell, ang mga Pilipino sa lalawigan ang siyang nagbigay ng 50% ng kita ng bansa, subalit 1/4 lamang nito ang inilalaan sa kanila. Ang Misyong Rivera-McMillan ay nagtanong sa 3,000 na magbubukid at ito ang naging kasagutan: ang 1/3 ng kanilang kabuuang bilang ay kumikita ng kulang pa sa 200 *francs* bawat araw. Sinabi ng Misyong Hardie noong Setyembre 1952, na ang kalagayan ng mga magbubukid ay hindi napapabuti, bagkus ay sumasama. Ganito ang panghuling pangungusap ng ulat:

Ang kasalukuyang ugnayan ng mga nagmamay-ari ng lupa at ng mga kasama ang naglalagay sa panganib sa demokrasya at ito ang magbibigay-daan sa pagkiling sa Komunismo.

Naniniwala ang lahat ng mga tagamasid na ang pagkuha ng mga may-ari ng malalaking lupain sa maliliit na lupain ay patuloy na nangyayari at ito ay isang nakababalisang pangyayari na nagpapagulo sa kalagayang pampulitikal ng bansa.

Noong 1900, 80% ng mga magbubukid ang nagmamay-ari ng lupaing kanilang sinasaka. Noong 1939, 50% na lamang ang sila. Ang patuloy na pagkuha sa maliliit na lupain ay nakabahala kay Pangulong Quezon na nagtatag ng pamamaraan ng ekspropriasyon ng malalaking lupain upang ipamahagi ang mga ito. Nagtayo ng isang bangko na nakatulong upang ipairal ang programa. Subalit ang pagpapatakbong programa ay nagkaroon ng pagmamalabis na nagtulak upang itigil ito.

Ang kahirapan ng magbubukid na dulot ng pulitika ay nagbunga ng pagdurusa.

Malaking bahagi ng mga lupain ay nasa tatlong ektarya lamang ang sukat, na kulang pa para buhayin ang isang pamilya. Kailangan ding magbigay ang magbubukid ng higit pa sa kalahati ng kanyang ani sa may-ari ng lupa. Dahil dito, siya ay napipilitang mangutang sa tubong 200, 300 hanggang 500% upang mabuhay. Hindi nakapagtataka na balang araw ang magbubukid ay aanib sa Hukbalahap.

Bunga ng labis na pag-aalala sa kalagayang ito, binigyan bisa ng pamahalaan noong 1946 ang isang batas na kilala sa tawag na 70/30, na nangangahulugang 70% ng ani ay mapupunta sa kasama ngunit siya ang gagastos sa pagbubukid. Dahil wala siyang puhunan, hindi siya makabili ng pataba sa lupa at mga makabagong matiryaes para payabungin ang lupa. Isang opisyal na pagsisiyasat ang nagpatunay na noong panahong iyon, 78% ng mga magbubukid ay hindi gumagamit ng pataba at 2.50% lamang ang gumagamit ng mga binhi na binebenta ng pamahalaan. Marami ang tumutol sa batas na 70/30. Sa bandang huli, ang batas na ito ay malimit na nilabag. Mga panginoong may lupa rin ang mga mambabatas.

Gumawa si Pangulong Magsaysay ng ilang mga mararahas na hakbang na maituturing na diktatoryal upang ayusin ang mga suliraning panlupa. Ang mga kontrata sa pagsasaka ay itinakda sa isang patakarang higit na makatwiran: ang magbubukid ay maaaring pumili ng mga pamamaraang kaniyang ibig, ngunit ang kasagutan pa rin sa lahat ng suliranin ay nakatuon sa dami ng ani. Ang pagpapatupad ng ganitong sistema ay para sa kapakanan ng dalawang may kinalaman sa usaping ito: ang may-ari ng lupa at ang magsasaka. Ang kautusang ito ay nakasaad sa batas ng Agosto 12, 1954.

Noong taong 1954 din ipinatupad ni Magsaysay ang pagpapalawig ng kanyang mga programa sa pabahay at irigasyon. Ang mga bagong pamamaraan ng pagtatanim ang siyang nagbigay daan sa pag-akyat ng bilang ng produksyon. Ito rin ang nagbigay ng lakas ng loob kay Pangulong Garcia na ipagmalaki sa buong mundo noong 1959 na nagtagumpay siya na tugunan ang hamon ng lumalaking populasyon at ang produksyon ng mga pangunahing mga pagkain (bigas at mais). Ngunit hindi nalutas ang suliraning panlupa. Ang kaawa-awang kalagayan ng magbubukid ay hindi napabuti.

Pinagbatayan ng limang taong programa ni Pangulong Magsaysay noong 1954 ang pagtatakda ng kabuuang populasyon noong 1959 sa 23,563,000, at ang populasyong produktibo sa 9,065,000. Bababa ang bilang ng mga taong walang hanap-buhay sa bilang na 600,000. Noong 1960, ang populasyon ay umabot sa 27 milyon: 10 milyong mamamayan ang may hanap-buhay, 3 milyon ang walang hanap-buhay, hindi pa kasama ang mga mamamayang hindi regular ang kinikita.

Ang suliranin ng kawalan ng hanap-buhay ay higit na pinalala dahil sa lumalaking bilang ng mga nakapag-aral na mga manggagawa. Taon-taon, ilang mga manggagawa na nakakatapos ng pag-aaral sa mga *diploma mills* ay bumabalik sa kani-kanilang mga nayon kung saan sila nagiging tagapag-udyok ng mga pagbabago sa kanayunan.

Ang paghihirap ng isang manggagawang Pilipino ay tunay na nakakaantig ng damdamin. Narito ang isinulat ng isang patnugot sa magasing *Free Press* noong Nobyembre 7, 1959:

Ang kalagayan ng mahigit sa 20 milyong mga Pilipino na naninirahan sa kanayunan ay walang pinagkaiba sa kalagayan ng kanilang mga ninuno noong panahon ng mga Espanyol. Ang kahirapan ng buhay ay umabot na sa pinakamababa nitong antas. Anong hakbang ang naisagawa upang maisaayos ang kabuhayan ng mga magbubukid? Ayon sa isang opisyal na pagsisiyasat, napatunayan na tatlo sa sampung magbubukid ay kumikita ng mababa pa sa isang daang piso barwat taon (katumbas ng 15,000 francs). Ang karaniwang kita ng iba pang mga magbubukid ay nasa pagitan ng 200 hanggang 300 piso barwat taon. Subalit 16% ng bilang ng mga manggagawang tinanong tungkol sa kanilang kita ang nagsabing wala silang kinita sa buong taon. Sa limang pamilya, dalawa lamang ang maaaring umasa na magkaroon ng matatag na kita (o kilala sa tarwag na gainful worker)...

May isang kakaibang katangian ang ekonomiya ng Pilipinas na napapansin ng lahat ng mga tagapagmasid. Ito ay ang hindi pag-abot ng salapi sa lalawigan kung saan ang karamihan ng mga pangangalakal ay ginagawa sa pamamagitan ng pagpapalitan. Halos 80% ng pag-ikot ng salapi ay makikita lamang sa Maynila. Ang salapi ay laging bumabalik sa mga kamay ng pinanggagalingan nito. Walang nakakapag-ipon, walang mga mamamayan na nasa panggitnang-uri. Ang katangiang ito ng ekonomiya ay ipinaliwanag ni Padre Van den Kroef sa kanyang artikulo sa magasin na *Current History* na inilathala noong Agosto 1957:

Sa pagitan ng mga taong 1945 at 1952, pumasok sa Pilipinas ang 2,200 milyong dolyares bilang tulong, at mula 1952 hanggang 1957 naman, humigit kumulang sa 1 bilyong dolyares. Ang malaking bahagi ng mga halagang ito ay nasayang lamang at nawala nang dahil sa sistemang pyudal ng ekonomiya ng Pilipinas na hindi makatayo sa sarili. Ito ay namana sa Espanya at ipinagpatuloy naman ng America...

Walang pagbabagong makahulugan sa sistema ng ekonomiya ang naitatag o binalak upang mapalitan ang kalagayang ito. Masasabi na ito ay maaaring magbunga ng kapahamakan sa namamahala o sa bayan at isang tunay na panganib sa kapayapaan.

Hinggil naman sa antas ng pamumuhay ng magbubukid na Pilipino, hindi maitatanggi na walang katuturan ang lahat ng uri ng paghahambing sa pagitan ng kanyang mga pangangailangan sa pangangailangan ng isang magbubukid sa Europa at sa America. Sa mga bansang nasa tropiko, ang karaniwang kasuotan ng mga lalaki ay karsonsilyo. Kumakain lang siya ng kanin, mais, kamoteng-kahoy, saging, isda, kuhol at karne ng hayop na nahuhuli niya at nakukuha nang libre. Ang kanyang bahay ay yari sa kawayan at binubungan ng nipa. Ang diwa ng pagsasama-sama ng pamilya sa Pilipinas ay nanatili kaya't ang isang miyembrong walang pinagkakakitaan ay hindi kailanman napapabaya. Maaaring kainggitan ang karangyaan ng ilan. Ito ay nauuwi sa kawalan

ng kasiyahan sa buhay na maaaring gamitin bilang mabisang propaganda laban sa pamahalaan. Ang paglaganap ng kahirapan sa Pilipinas ay kasing bilis ng pagdami ng populasyon. Mayroong ilang mga malalaking pagbabago sa sistema ang dapat kaagad ipatupad bunsod ng panganib na nananatili sa bansa. Pinapagpatuloy ng mga gerilyang Huk ang kanilang mga gawain.

Nakita natin pagkatapos ng Liberasyon na ang mga Huk na tinugis ni Mac Arthur ay nagkahiwa-hiwalay. Bumuo sila ng isang grupong ganap na armado at muling namundok. Nang umalis ang mga Amerikano sa Pilipinas, bumalik ang mga Huk sa gitnang Luzon, ang tinaguriang *Rice Bowl of the Philippines* at doon ay pinigilan nila ang hukbo ng pamahalaan. Nagsagawa ang Pangulong Roxas ng walang habag na pagtugis sa mga Huk. Pinasuyod niya ang mga kanayunan subalit hindi niya napuksa ang rebeldeng grupo.

Sinubukan ni Pangulong Quirino ang ibang paraan: inalok niya ang Supremong si Luis Taruc ng amnestiya sa kasunduan na isusuko ng mga Huk ang kanilang sandata. Tinanggap ni Taruc ang alok. Nagtungo siya sa Maynila, sa Palasyo ng Malacañang at pinirmahan doon sa harap ni Pangulong Quirino ang isang maliwanag at maayos na kasunduan. Muling umupo si Taruc bilang isang kinatawan sa Kamara at siya ay tumanggap ng kabayaran ng mga sahod na hindi niya natanggap noong siya'y namundok.

Isang araw, bigla na lamang siyang nawala. Bago siya umalis, sumulat siya sa pahayagan at pinaratangan ang pamahalaan ng panloloko. Noong araw din na iyon, muling sumiklab ang labanan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebeldeng Huk. Sumalakay nang sabay-sabay ang mga Huk sa lahat ng bahagi ng bansa. Sinunog nila ang maraming mga gusaling-bayan at pinasabog ang maraming ari-arian. Namayani ang kaguluhan sa Maynila. Lumaganap ang pag-aalala bunga ng balita ng pagpatay kay Ginang Quezon, ang biyuda ng dating pangulo ng bansa. Si Ginang Quezon at ang kanyang mga kasama ay natagpuang patay, pagkatapos silang tambangan ng mga Huk habang binabagtas nila ang daang Baguio-Baler.

Dahil sa pangyayaring ito, itinalaga ni Pangulong Quirino si Ramon Magsaysay, ang kinatawan ng Zambales, bilang Kalihim ng Tanggulang Pambansa. Inutusan niya si Magsaysay na puksain ang rebelyon. Gumawa si Magsaysay ng ilang mga kaukulang hakbang upang maisagawa ang kanyang misyon. Naglaan siya ng gantimpala sa paghuli ng mga pinuno ng mga Huk. Inalok niya sa mga susuko na bibilhin ang kanilang mga sandata sa mataas na halaga at bibigyan din sila ng mga lupain. Sinabi ni Magsaysay na upang pigilin ang mga Komunista sapat na ang gawin silang mga mamumuhunan!

Nakatanggap si Pangulong Quirino noong Oktubre 1950 ng isang balita na nauwi sa pagkahuli ng Politburo ng mga Huk na binubuo ng dalawampu't tatlong mga pinuno. Ang Pangkalahatang Kalihim ay napatay sa Panay: ang Amerikanong si Pomeroy at

ang kanyang asawa na tagapamahala sa propaganda ay nahuli rin. Ang Politburong Tsino ay mahuhuli na rin sana pagkalipas ng ilang buwan. Ang rebelyon ay nalansag. Ito ang nagtulak sa mga Huk na kumilos nang pailalim. Ayon kay Magsaysay, ipinaubaya na niya sa mga kamay ng mga awtoridad ang mga barrel na tinatayang umaabot ng 80,000: 15,000 na mga Huk ang ikinulong at mahigit sa 20,000 sa kanila ang napatay.

Napilitang sumuko si Luis Taruc sa mga awtoridad noong Mayo 17, 1954. Hinatulan siya ng labindalawang taong pagkabilanggo na kasalukuyan niyang pinagdurusahan. Ang kanyang mga tenyente na sina Jesus Lava, Casto Alejandrino at Mateo del Castillo ay bumuo ng isang lihim na kilusan na mayroong 3,000 na mga kasapi

Pinalitan ng kilusang Huk ang kanilang pangalan at anyo at sila ay nakihalo sa populasyon. Pinasok nila ang mga unibersidad at ang mga tanggapanang pribado at pampubliko. Ang propagandang kanilang isinisigaw at itinataguyod ay hindi na ang idolohiyang Marksismo kundi ang isang organisadong uri ng nasyonalismo. Sa ngalan ng tunay na diwa ng nasyonalismong Pilipino, matindi nilang binatikos ang imperyalismo at kapitalismong Amerikano. Ginamit din ng mga Pilipino bilang halimbawa ang kalapit nitong bansa na Republika ng China na matagumpay na napalaya mula sa pananakop ng mga dayuhan. Ang kalayaang ito ay nakamtan ng mga Tsino sa pamamagitan ng isang malawakang pagbabagong pang-ekonomiya at panlipunan. Pagkatapos ng nagdaang halalan, isang manunulat sa magasing may malawak na sirkulasyon, ang konserbatibong *Free Press* ang nagsaad ng sumusunod:

Ang pangangampanya ng mga kandidato sa halalan ay isang pangyayaring nakatuturwa. Sa kabuuan, nilibis ng kampanya ang atensyon ng mga tao mula sa mga suliranin na kinakaharap ng bansa... Ang masa, na ngayon ay pinagkakaguluhan ng ilang kandidato na hindi naman karaniwang pinapahalagahan, ay nagtatamasa ng kanilang importansya.... Ngayon, ang handaan ay tapos na at ang pagsasaya ay kailangang magbigay daan sa paghabanapbuhay... Isang grupo ng mga kandidato ang nagsabi na wawakasan na nila ang mga panunuhol at pandaraya ngunit napakababa naman ng talaan ng katiwalian noong sila ay nasa katungkulan pa. Nagmungkahi ang isa pang grupo ng mga kandidato ng pagkabanal sa pamahalaan: ginigiit nilang mayroon silang pambihirang kaugnayan sa Diyos Nais naman paratingin ng ikatlong grupo sa mga tao na sila ang pinakamakabayan sa kahit sinuman. Sa maikling panahon, ipinakita ng mga pulitiko sa mga tao ang isang mundo “na ideyal: sila ay nagpamudmod ng tone-toneladang salapi at sila ay nagkaloob din ng mga hanap-buhay... na pansamantala naman!” At ngayon balik na naman tayo sa dating kalagayan ng ekonomiya: Ang salapi ay nanatili sa mga kamay ng iilan lamang; malaking bahagi ng populasyon ay walang hanap-buhay at ang bilang na ito ay ay patuloy na nadaragdagan ng 700,000 bawat taon. Ang suliranin ay hindi pa nabibigyan ng lunas at baka huli na ang kalutasan dito.... Sa ibang bahagi ng Asia, nilulutas ng mga tao ang kanilang mga suliranin ayon sa kanilang pamamaraan. Pinakita ng Komunistang bansa ng China kung papaano nila nagawa “ang isang malaking hakbang tungo sa kaunlaran” at naging isang

matatag at makapangyarihang bansa sa loob ng napakaikling panahon ... kabit na ang kapalit nito ay ang pagyurak ng karapatang pantao. Maaari ring magarwa ng mga Pilipino ang “isang malaking hakbang tungo sa kaunlaran” na hindi mawawala ang kanilang kalayaan...

Isang mungkahing nailathala sa isang magasin (na labis ang pagkiling sa sistema ng kapitalismo) ang maituturing na palatandaan ng panahon. Hindi dapat isawalang bahala ang kahalagahan ng halimbawa ng Komunismo ng China. Ang pagsupil sa Komunismo ay hindi magiging kalutasan sa suliranin ng bansa. Ang suliraning kinakaharap ng Pilipinas ay hindi rin malulunasan sa pamamagitan ng pagpigil ng organisasyon na CAFA (*Committee on Anti-Filipino Activities*) sa mga mag-aaral na makilahok sa ikapitong pagpupulong ng mga kabataan at estudyante na ginanap sa Vienna at tuluyan silang kundinahan dahil dito: hindi sa ganitong paraan matatanto ang solusyon sa Komunismo sa Pilipinas.

Batay sa mga kaganapan, naging higit na maliwanag ang katotohanan na hindi kailangang kilingan ng mga Komunista sa Pilipinas ang mga adhikaing Marksismo upang sila ay paniwalaan ng masa. Sapat na ang hilingin nila na hanapan ng kalunasan ang suliranin tungkol sa lupa, na magkaroon ng higit na makatwirang pagpapataw ng buwis, pigilan ang mga madayang paraan ng pagbabayad ng buwis, labanan ang katiwalian, magkaroon ng libreng edukasyon para sa lahat.

Unti-unting natanto ng mga Amerikano na ang higit na nakinabang sa tulong pang pinansiyal na ibinigay nila sa mga bansang di-maunlad gaya ng Pilipinas, India, Turkey, Korea, Central America, at iba pa, ay ang iilang mamamayang bumubuo ng maliit na bahagi ng lipunan, bunga ng mga kalagayang panlipunan na namamayani sa bansa. Dagdag pa rito ang pagkadismaya ng masang Pilipino na naging saksi sa mga welgang naganap kailan lang. Dapat itong isaalang-alang ng lahat ng programang pandaigdigang ng pagtulong para sa mga bansang hindi maunlad. Kung hindi, lubha silang madidismaya.

Notas:

- 1 Salin ng Kabanata VIII ng *Histoires des Philippines* ni Gaston Willoquet, isang embahador na “plenipotentiary” na ipinadala ng Pransya sa Pilipinas noong mga taong 1946 hanggang 1949.